SA PINTIG NG CURSOR, IDEOLOHIYA
ni Rolando B. Tolentino

(Panayam sa Institute for Creative Writing, Vargas Museum, UP, 14 Setyembre 2007. Burador, hindi maaring sipiin nang walang pahintulot ng awtor.)

Madalas, kapag humaharap ako sa computer para magsulat ay nakikita ko ang cursor, pumipintig. Mas lalo akong hindi nakakapagsulat. Para kong nakikita ang pintig ng puso ko habang lalong umiigsi ang deadline. Makipot ang cursor pero regular ang pintig—kurap-dilat, bukas-sindi, patay-buhay, kawalan-mayroon, itim-puti, piglas-pagkatalo, close-open—kumukutitap sa bawat rekognisyon sa sandaling lumipas at kasalukuyan. Tulad ng fort-da na anekdota ni Freud, ukol sa batang naghahagis ng bolang sinulid na ang tali ay hawak niya, iiyak kapag nawala ang bola at sa paghaltak nito ay muling tatahimik, ini-inscribe ng cursor ang manunulat, ang kanyang medium, at ang kapamaraan ng pagsulat at ang repetisyon ng pagiging. Parang sado-masokismo ang pag-aabang at ang pagtipak ng bawat sandali, ang agam-agam na makasulat at bago ng pagsulat, kung ano ang isusulat, kung matatapos ba ang isinulat, kung papasa ba sa sariling pamantayan ang sinulat, kung idadamdana sa kanon ng panitikan at peryodismo ang isinusulat, kung ito ba ang akdang magpapanalo sa Palanca, o makakapagpasa sa klase sa malikhaing pagsulat. Sa maraming pagkakataon, muli't muling ginagawa ang pagtipak sa keyboard at agam-agam ng pagsulat.

Nakahon at nakulong na ang manunulat sa sarili nitong gawain. O nagpakahon at nagpakulong na. Hindi siya tinutukan ng baril para gawin ang kanyang gawain na sa batayang antas ay hindi naman direktang pagbebenta ng sariling lakas-paggawa kahit maari rin ito, kundi sa pagsasabuhay at reproduksyon ng isang imahinaryo ukol sa sarili bilang manunulat—na siya ay isang manunulat, may Palanca, publikasyon, mambabasa, komunidad ng katulad, klaseng nag-aaral, gurong nagtuturo, skolar na nagsasaliksik, kritikong nagsusuri, at maging estadong kumikilala, kahit hindi naman talaga o hindi naman lubos. Paano napapaniwala ng manunulat ang kanyang sarili sa ganitong megalomania? Paano niya naisusustina ang sariling larong fort-da na hindi napapatid ang pag-uha at giliw sa pagkawala at muling pagbabalik ng bola? At kung hindi, bakit kakaunti pa rin ang manunulat na nagpatiwakal dahil sa hindi sila kinilala sa kanilang henerasyon at maging sa sumunod bilang isang ngang manunulat? Si Virginia Woolf ay nagpatiwakal hindi pa dahil sa bigat ng atas ng pagsulat kundi dahil hindi na kaya muling ulit-ulit pa ang kabaliwan ng pagtatapos ng akda, kaya minarapat niyang gawin ang mas madali, ang tapusin ang kanyang buhay. Si Jose Rizal, na ang dalawang nobela ay hindi pa rin napapantayan, ay binaril naman sa tamang historikal na sandali na maari siyang higit na maging mas o pinakadakila.

Usaping ideolohikal ang pag-akda sa manunulat dahil siya na lumilikha ng mga akda ay isa ring akdang likha ng mga historikal na kondisyon at panlipunang institusyon, kung bakit siya at ang mga nauna at susunod sa kanya ay piniling maging manunulat at hindi iba—mapapastol man, politiko, guro, banker, physicist at kung

ano-ano pa. Sa aking palagay, ang kalakaran ng pagiging manunulat ay nagbibigay-sintomas sa uri ng self-awareness niya sa mundo at panitikang kanyang kinakatha sa isang banda, at sa pagkatha ng mga ito sa kanya bilang manunulat sa kabilang banda. Iniisip ko, halimbawa, ang konsepto ng worlding o pagbibigay-ngalan sa mundo, kung paano kinakatha ng manunulat ang isang uri ng lipunan, kasaysayan, (post)modernidad at pagkatao sa kanyang akda, mapa-Rosales ni F. Sionil Jose o Maynila ni Edgardo M. Reyes, o sa mga pang-araw-araw na karanasan at sandali na sinasambit ng mga tula, o komentaryo sa mga kolumn sa pahayagan. May dalawang nagaganap sa worlding: una, lumilikha ang manunulat ng mundo ng panitikan at panitikan sa mundong ito na ang kanyang perspektiba at lokasyon ay nagpapabukod-tangi sa marami pang manunulat; at ikalawa, sa mas partikular, pinapalanganan niya ang mundo at panitikan ito, kasama rito ang kanyang ideolohikal na posisyon o ng kanyang spesipikong akda, na walang ibang kapamaraan basahin kundi bilang sintomas ng ideolohikal na posisyon ng manunulat—kung para kanino niya sinulat ang kanyang akda, ano ang lalim ng pilosopikal na diskurso ukol sa indibidwalismo at lipunan ang sinasambit, ano ang pinipinutuhong resolusyon sa problematisasyon ng piniling idiskurso.

Ang mas interesanteng punahin sa worlding ay ang pagtutumbas nito sa pagbibigay-ngalan sa mundo. Nagbibigay kaya ito ay anyo ng "gifting" o pag-aaginaldo sa pasko na umaalinsunod di lamang sa diskursong moral—na ang pinaka-deserving ang bibigyan ng regalo ni Santa Claus, tulad ng isinasaad ng jingle na "Santa Claus is Coming To Town" bilang anyo ng surveillance na alam ni Santa Claus kung sino ang mabait at pasaway na bata dahil buong taon itong nakapagmatyag, na may panahon ng pagtutubos sa sumasyon ng kabutihan at kasamaan, at bilang anyo ng disiplina, walang aginaldo ang hindi naging busilak at wagas nang buong taon—kundi na rin sa diskurso ng pilantropiya sa nagbibigay, na piniling indibidwal na misyon ito ng manunulat dahil mayroon itong mahalagang aginaldong ipapamahagi sa pinili rin niyang husgahan bilang pinakakarapatdapat. Sa toreng garing, ang manunulat ay nag-iisang hari at mamamayan. Bakit mayroon chip on their shoulder ang manunulat? Ano ang kanyang ipinupusta sa kanyang pagiging manunulat kung bakit napakapomposo at napakahalaga ng kanyang isinasasaad?

Kakatwang figura ang manunulat dahil wala itong uri, lahi at etnisidad, kasarian at sexualidad na partikular na pinanggagalingan, lalo pa sa kontemporaryong panahon ng postmodernismo na lahat sa lahat ng media, lalo na ang internet, ay maaring maging manunulat sa sarili nilang guni-guni, o lahat kung magpupursigi ay maaring makahakbang sa mga antas ng programang sertipiko, bachelor, masteral at doktoral sa malikhaing pagsulat. Iaantay ko ang unang non-writer na aabot sa pagiging doktor ng hindi man lamang nakakapaglathala ng isa mang akda. Pero sino itong mas higit na pomposong di-manunulat na mag-aastang manunulat para lamang talunin ang sistema at mga institusyon ng pagiging manunulat? Kahit pa sabihin na Anglo-Saxon male heterosexual suburban middle-class ang nagiging manunulat sa kanluran, sa atin ay hindi lubos na akma ang formulasyon. Maaring isipin na makalalaki at makasentro ang manunulat, gaya ng katangian ng kanon ng panitikang pambansa, pero tagusan sa iba't ibang kultural na kategorya ang pagiging manunulat. At ang manunulat ay una't huling nabibigyan-definisyon sa aparatong edukasyong

nagbibigay-ngalan kung sino ang dapat basahin, pag-aralan, ikanonisa, ilathala bilang kabahagi ng textbook, at iba pa. Kaya sa ating nagbibigay ng panayam, nagpapadaloy ng panayam, kalahok sa panayam, nakikinig sa panayam na sponsored ng Institute for Creative Writing ng UP ay tunay na non-reflexive na karanasan ng pagiging manunulat. Kumbaga, lulusot kung hindi nabigay pansin. At magpakagayunpaman, magkita-kita tayo muli't muli sa susunod pang panayam.

Hindi ang Palanca dahil may nananalo at nagiging Hall of Famer pa nga na hindi naman nakikilala lampas pa sa pinalunan. Hindi ang magazine at dyaryo dahil lubhang napakalimitado ng sirkulasyon o espasyong laan nito para makapagdakila ng manunulat. Hindi ang imprenta dahil walang nagiging manunulat batay sa sirkulasyon ng university presses ng 500 kopyang mabebenta ng lampas sa limang taon, kung hindi ise-sale, bago maubos. Namumukod-tangi ang sistemang edukasyon dahil kahit maglathala ng 30,000 kopya ang manunulat ng romance novels ay hindi naman ito dinadakila. Marami ang nakatunghay sa tri-media exposure ng Zsazsa Zaturnah komiks pero hindi magiging national artist ang awtor nito. Bagamat maaring banggitin na hindi ba kompendyum naman ng lahat ng mga insitusyon ang pagdeklara ng pagiging manunulat, ang aking nais bigyan-diin ay kung wala ang rekognisyon ng akademya, walang magiging dakilang manunulat. Sentral sa usapin ng produksyon, diseminasyon at resepsyon sa akda at manunulat ang akademya. Ito ang nagtuturo, nag-aaral, nagkakanonisa, nagdadambana sa manunulat bilang disiplinal na rekognisyon sa mga akda at awtor na itinuturo nito, ang ehemplo ng patuloy na buhay na tradisyon, ang lehitimasyon ng pataasan ng ihi-palakasan ng iri sa akdang pilosopikal at panlipunang kasiningan. Ang akademya ang nagtitiyak ng reproduksyon ng panitikan bilang lehitimong disiplina ng pag-aaral kahit pa sa maraming pagkakataon ay tila pigeonholing ang mga Departamento ng Panitikan ng Pilipinas at Kagawaran ng Filipino bilang kaiba ng mas establisyadong Department of English at Literature (para itong Filipiniana section sa libraries, at kahit magtayo pa ng Filipino Bookstore na pawang librong Filipino ang laman at ibinebenta sa tindahan, hindi rin naman ito ang ordinaryong kalakaran ng book store sa bansa, specialty store pa rin ito o isang anomalya), at susi ang buhay na at buhay ng manunulat sa pagsasakonteksto ng akdang pinapag-aralan. Parang live exhibit A ang manunulat, kung paano niya binibigyan-ngalan ang kanyang karanasan sa pagsusulat, at kung paano siya mismo ay reproduksyon ng sistemang kumikilala sa kanya at kanyang kinikilala bilang dalumat ng kanyang pagsulat.

Mabibilang lang sa kamay ang mga edukasyong may kapangyarihang magbigay-ngalan sa manunulat. Ano ang ibig sabihin nito na sa isang bansang mas marami pa ang bilang ng kolehiyo at unibersidad kaysa sa Great Britain ay iilan lamang ang nagtatakda kung sino ang ihihirang na manunulat? Ibig sabihin, hindi nakakasapat ang akademya per se sa paghirang ng mga manunulat. Kaya kailangang buhay ang manunulat dahil bahagi ng kanyang lifelong mission ay isaisip at isagawa, ipamukha na manunulat nga siya. Hindi nga ba mismo ang manunulat ang nagbubuhat ng kanyang sariling bangko, parating may bitbit na invisible signage na "manunulat ako"? Kailangang ipaalaala sa atin ng manunulat na tulad ng serbisyong cellphone, internet, malling at iba pang konsumerismong gitnang-uri na kapag hindi peryodikong napaalalahanan ay maaring makalimutan ang kahalagahan ng gitnang

uring karanasan, na siya ay naririto bilang embodiment at disembodiment ng pagiging manunulat. Embodiment dahil writer sila, hindi lamang tagalikha ng mundo tulad ng Genesis sa bibliya kundi tagabigay ng buhay ng mundo na lampas pa sa ginawa ni God kina Adan at Eba sa Garden of Eden. Maari niyang gawin si Adan ay hinugot sa tadyang ni Eba, si Eba ay mas nagustuhan si Rose ang isa pang nilalang na nilikha pero itinago ni God, at mas naging maligaya si Adan sa sawa. Disembodiment siya at ang kanyang akda ay pagtatangkang gawin buo ang kanyang maaring iisang sinasabi—ang kanyang pilosopiya ng pagsulat. Kung nasabi na ng manunulat ang kanyang gustong sabihin, bakit nagpapatuloy pa siyang nagsusulat. Ano ang parang inuulit-ulit niyang sabihin dahil kada pagsulat niya ng akda ay may nananatiling mintis sa obhetibo ng kanyang pagsulat? Bakit walang pagkakuntento ang manunulat, bakit walang katapusan ang fort-da, bakit hindi tumitigil pumintig ang cursor kahit napatayin na ang computer?

Kung may nakikinig na publiko ang manunulat, bakit hindi sila natratransforma sa mundong tunguhin na isinasaad ng manunulat? Bakit hanggang pagtunghay na lamang ang mambabasa? Bakit walang fans' club ang manunulat? Hindi siya rock star, walang groupie maliban sa sarili nitong barkada ng kapwa manunulat. Walang pagtatanghal ang manunulat na kayang punuin ang mas malaki pang lugar sa Pulungang Recto ng UP Faculty Center. Hindi kaya sa malalim na pagkaunawa ng manunulat ay wala naman siyang publiko? Na nagsusulat lamang siya para sa kanyang sarili? At kung magpakagayon, ang pagiging prolifiko ng manunulat ay nagsasaad ng anxiedad, ang pag-uha na matatahimik lamang sa giliw na muli't muli siyang makapaglathala? Hindi rin kaya may bwinibwisit siya, ang kaibang kaiba, na pinupuntirya niyang tuligsain at kung magpakagayon ang reason for writing at living?

Sa punto ng mismong manunulat, bahagi ng pagiging manunulat ay ang pag-assume na mayroon siyang ahensya. May kapangyarihan siya by virtue ng pagiging manunulat dahil kahit papaano may tig-iisang daan siyang mambabasa sa limang taong naimprenta ang nabenta ang kanyang libro, o dahil pinapag-aralan siya, dinidiskurso sa klase at pinaparangalan? O baka naman dahil ang manunulat ay purong intelektwal na kapital, ibig sabihin, walang inisyal na yaman maliban sa pagiging posibleng magnet sa partikular na seksyon ng naghaharing uri na nangangailangan sa kanya bilang kabahagi ng lehitimasyon sa paghahari? At kung magpakagayon, ang presensya ng manunulat sa altasosyedad—dahil hindi nga siya kalakhang altasosyedad—ay hindi naman talaga isang anomalya dahil quid-pro-quo ang dalawang figura ng lehitimong finasyal at pabor na intelektwal na kapital? O sa estado na kailangang magparangal sa kanyang artista at manunulat bilang sariling rekognisyon at afirmasyon nito sa makataong pamamahala? Intelektwal na kapital ang nagpapakilos sa manunulat sa iba't ibang antas ng lipunan, partikular ang naghaharing uri. Tandaan na mga aparato ng estado—pamahalaan at negosyo—ang direktang kumikilala sa manunulat sa mga patimpalak, award, at fora ng pagkamanunulat.

Sa isang banda, ang class origin ng manunulat ay may afinidad sa uring anakpawis dahil wala naman siyang yamang pamproduksyon maliban sa lakas-pagawa na nakabatay sa kanyang intelektwal na kapital kahit pa sa gitna at matandang yugto ng kanyang pagiging manunulat ay maari na siyang makapag-

demand ng mas mataas na pagtutumbas sa kanyang serbisyo bilang coffeetable writer, bibliographer ng prominenteng pamilya, speech writer at iba pa. Sa arena ng lehitimong panitikan, hindi naman siya magiging dakila sa pagiging komisyonadong manunulat. Ibig sabihin, ang pinupukaw niyang karanasan ay ang kanyang underclass na pinagmulan bilang representasyon sa iba pang karanasan ng mayorya ng bansang ito. Sa kabilang banda, dahil ang kanyang inaari at literal na kina-career na intelektwal na kapital ay nagpapadulas sa kanya sa sirkulo ng altasosyedad at mga institusyong pang-estado—sa parehong front at back stage nito—nagmimistulang lehitimong climber ang manunulat. Parang siya ang anak na taga-UP, o pinsang aktibista at namundok, o kaklaseng nag-aartista, pinag-uusapan ang presensya sa tila sagradong pamamaraan dahil nakakaangat sa ordinaryo, ang lehitimong anomalyang katanggap-tanggap sa estado at altasosyedad dahil hanggang sa lebel lang naman ng idea at intelektwal ang pakikipagbatbatan—hindi naman inaasahang isapraktika ng manunulat ang kanyang panunuligsa na kaiba sa kanyang pagsang-ayon na hinihimok ng aktwal na partisipasyon. Para na ring cursor ang institusyonalisasyon ng figura ng manunulat bilang intelektwal sa sirkulo ng estado, nandoon kahit nakapatay ang computer. Kinikilalang lehitimong linya sa puting screen. Para na siyang politiko dahil may imahinaryong mundo ng panitikan kanyang nalilikha, may sirkulong iniinugan at may kakayahang itransforma. At ito lang naman ang papel ng manunulat, mapa-estado man o mapa-panlipunang kilusan—ang literal at epistemikong lumikha ng politika ng posibilidad sa kanyang akda. Posibilidad lamang ang pinapangako ng inaakalang ahensya ng pagiging manunulat, hindi ng aktwal na transformasyon, mapa-indibidwal ito o mapa-panlipunang antas. Wala namang indibidwal at lipunang mababago dahil sa isang akda o kalipunan ng mga akda ng manunulat. Bahagi ang publiko at pilosopiya ng transformasyong pang-indibidwal at panlipunan ang imahinaryong nainternalisa na ng manunulat. Kung wala itong imahinaryo, walang kapangahasang maging manunulat.

Nainternalisa ito ng manunulat dahil ito rin ang paglulugar sa kanya ng estadong may sukdulang kapangyarihang magbigay-ngalan, magbigay-mundo sa kanya bilang manunulat na kinikilala. Ito ang regalo ng estado sa kanyang pinakakinikilalang manunulat. Bahagi na rin ito ng cursor function: panunuligsa-pagsang-ayon, ng kritisismo-dialogo. Ang asumpsyon ng indibidwal na ahensya at nagbabasa't natratransformang publiko ay mahalaga sa substansasyon ng pagiging manunulat ng estado. Peryodiko itong kinikilala—Makata ng Taon, Gawad Collantes, Gawad Palanca, Gawad CCP, NCCA Writers' Prize, Tanglaw ng Lahi, Pambansang Alagad ng Sining, NBD Awardee—at kung magpakagayon, kahit hindi pa kinikilala ay umaasa na ring makilala sa iba't ibang antas at yugto sa pagiging manunulat. Ipinapalasap na kahit hindi pa aktwal na kinikilala. At sa pagsasaulit-ulit ng ritwal ng rekognisyon at misrekognisyon ng estado, nagpapaubaya na ng ilang function bilang manunulat. Doble-kabig: kinikilala para hindi kilalanin ang iba, dinadambana para mayurakan ang mas maraming iba, inilalathala at pinapag-aralan para ang iba ay burahin at isalaylayan. Sino ang hindi magpapaubaya kung wala naman talagang tunay na kapangyarihan ang manunulat sa kanyang pakikipagrelasyon sa estado?

Nang dukutin si Jonas Burgos ng mga militar, ayon sa mga account, nagsusumigaw ito habang kinakaladkad at sapilitang pinasasakay sa sasakyan,

"Aktibista lang ako!" Wala siya dapat sa order of battle ng militar dahil siya ay legal na kumikilos sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Mas mababang atas kumbaga, pero dahil siya dinukot, rekognisyon na peligroso pa rin, ang maging aktibista. Hindi na ito pagiging dahil natapos na, natuldukan na ng pagkadukot at hindi pa paglitaw kay Burgos, ang hangganan ng pagiging aktibista. Hindi tulad ng pagiging manunulat, invisible chip on their shoulder nga ito. Mabigat pero parang dala parati ang kanyang plake at iba pang karangalan, pati na rin ang cv. Ipinapamayagpag dahil kung hindi, makakalimutan natin ang pagiging manunulat, lalo na ng buhay na manunulat na nag-aambisyon nang higit pa sa nauna sa kanilang henerasyon. Walang magsisigaw na "Wanna-be writer lang ako!" dahil mas malaki pa itong kahihiyan. Lahat ay tahimik na naghuhumiyaw nang pagiging manunulat. Ang nagkataon nga lang, ako ang may hawak ng mikropono, at sa pagkakataong ito lang. Matapos ang okasyon ito, tulad ng iba pang manunulat, mananatili ang aura ng naghuhumindik na pagiging manunulat.

Bakit "pagiging" ang manunulat at hindi aktwal na manunulat? Walang pagtutuldok sa pagiging manunulat samantalang ang pagsaad na manunulat ay pagwawakas sa akto ng pagsulat. Wala nang reli (relevance) ang susunod pang akda at paggawa dahil natuldukan na, exclamation point pa nga. Sino ang gustong maging irrelevant? Kaya kahit na kinalalang manunulat ay gahaman pa rin sa atensyon ng pagiging manunulat. Hindi naman spectacular kasi ang pagiging manunulat. Kung hindi pa ni-require ang marami sa nakikinig, sino ang aktwal na makikinig maliban sa mga inimbitahan ng ICW o pinaimbitahan ko, at sumang-ayon hindi dahil manunulat ako kundi dahil naging estudyante ako nila o sila ay naging estudyante ko, o dahil kaibigan ko lang sila. Kami-kami at para magmistulang hindi kami-kami, isasangkot ang kayo para magkaroon ng imahinaryo ng publiko sa pagiging manunulat ko sa partikular, at sa malikhaing pagsulat sa pangkalahatan. Sa inyong tulong at sa kapangyarihan ng akademya na atasan kayo sa pagkakataong tulad nito para sa trans-subjective formation nating lahat bilang manunulat, nagiging tayo o nabubuksan ang posibilidad na maging, kung inyong nanaisin.

Ang cursor, kaya kumikutitap, ay para markahan ang lapit at layo sa simula at pagtatapos ng akda. Kaya mataas ang anxiedad kapag nagsisimula pa lang dahil cursor lamang ang nasa pahina. Kaya mataas rin ang anxiedad habang nagsusulat dahil parang marathon ang akto ng pagsusulat, malayo-layo parati ang pisikal at metapisikal na nais abutin. Kung parating malapit, sana ay OK na lang tayo sa pormang dagli sa sanaysay at kwento. Pero mahaba-haba rin ang distansya at espasyo ng pagsulat kahit pa tila nirerehimentuhan ito ng bilang ng pahina sa Palanca entry at publikasyon. Hanggang dito lang po at maraming salamat, kahit pa ang dito ay walang katiyakang masisimulan, maisusulat at matatapos, kahit pa ang pagpapasalamat ay after-thought wishful thinking na gayon nga ang magiging rekognisyon ng mambabasa sa akdang sinulat. Hindi naman kasama ang mambabasa tulad ng pasyenteng bibigkas, "Maraming salamat, Doktor." Pati ito ay imahinaryo ng pagiging manunulat, ang apresyatibong mambabasa.

Ang pumipintig na cursor ay kumikilos nang gayon dahil sa digital na pagkaprograma nito. Wala itong pwedeng gawin kundi pumintig. At ang reaksyon sa pintig ay hindi naman hinihimok ng cursor. Functional ito, hindi tagapagbigay at dagdag ng agam-agam. Programado ito, tulad ng paraan ng texting ng joke o biblical

na quotation. Mayroon itong dating o wala, at partikular ito sa taong makakatanggap na text. Naalaala kong natutuwa rin pala ako kapag nakakatanggap ng biblical text sa panahong may bumabagabag sa akin. Parang biglang nagkaroon ng kabuluhan ang mga bagay na hindi na naiisip. Nakondens ang pariwarang text sa akin bilang nababagabag na nilalang, na sa ibang panahon ay delete ang kagyat na tugon ko rito. Pwede ko itong i-save, buksan-buksan muli't muli, at matapos, sa ibang panahon, i-etsapwera. Pumipintig ang cursor hanggang hindi ito magha-hang. At ito lang ang kaya nitong gawin sa tanang elektronikong buhay nito. Mabubura lamang ang cursor kapag tuluyan nang namatay ang computer, itinapon, at kung gayon, tapos na ang buhay nito sa hardware, paratihan na itong ipinaglalamay nang hiwalay at tago na kailanman ay hindi naman ililibing.

Madalas akong makatanggap ng feedback ng reviewer sa journal o libro na hayagang sinasabi na ang aking akda ay masyadong politikal. Hindi lang pelikula ang tinatalakay para sa isang film journal, mas madiin ang diskusyong politikal, halimbawa, tungkol sa overseas contract worker sa kasalukuyang pelikula. May ilang ulit na rin akong nakarinig na sinabi ito ukol sa akin at sa aking mga sinusulat—pabulong naman, patalikod na pagsaksak, o kung matapang-tapang ang kausap, harapan na bigla na lamang bibitawan ang inaakalang alas na magpapawafung sa akin. Gusto nila ang kwento ko pero hindi ang sanaysay dahil masyadong makakaliwa. Na tila ba kapag "makakaliwa," may sumpa na itong hindi na kayang maging obhetibo at kritikal, na hindi lehitimo ang posisyong ito sa palengke ng idea at uniberso ng diskurso.

Sa aking palagay, ang aktwal na sinasabi sa hindi sinasabi ng isyu ng politikal ay ang pribilisasyon ng apolitikal—sa panitikan, ito ang pag-atas sa unibersal, transhistorikal at pangsangkatauhan na indibidwalismo, kombo ng romantisismong nagbibigay-diin sa manunulat bilang nasa toreng garing, ang tagahatid at tagawasiwas ng kaalamang pang-indibidwal o sa ating lagay, kaalamang "pagka-Filipino" na ang salin ay hindi ang liberalismong pagpapakahulugan (lahat ay katanggap-tanggap bilang valido) kundi ng ultra-konserbatismong kasiningan na mas direktang kumakausap kundi man nagmamanikluhod sa dambana ng belles letras at kung magpakagayon, nagtitiyak ng reprodyusabilidad ng apolitikal; at ng bagong kritisismo na magpapasok ng substansasyon ng modernong intelektwalismo, sistematikong nakakapagbigay-ngalan sa mga inobatibong inilalangkap sa panitikan: mga bagong konsepto, bagong kapamaraanan, bagong metodo ng kritisismo—o mga tila bago lamang. Sa huli, hindi na lamang pumupukaw sa bukal ng taal na kaalamang pangsakatauhan ang indibidwal, isinasalin rin ito sa pamaraang masisistematisa (para sa mambabasa) ang kaalaman. Ang politikal na proyekto ng apolitikal ay gawing paasa ang mambabasa sa kumpas ng awtor ng akda, skolar na nagpapaliwanag at gurong nagtuturo, na kaya naman nasa pribilihiyadong posisyong ang mga ito ay dahil sa disiplinal na atas—panitikan at kung gayon ay kailangan ng taga-intermedyo bago maunawaan ng mambabasa ang kinang ng briyalteng akda ng awtor.

Kung gayon, ang hindi sinasabi ng mga nagbabansag sa akin, sa mga sanaysay ko, at sa sub-panitikang inihanay ako na ang apolitikal ay isa ring proyektong may politikang sinasambit—ang kawalan ng politika na magtitiyak ng pagkakaroon ng sariling bubble na mundo ng panitikan, mula sa manunulat na nagsusulat nito at

pinasusundan sa mambabasa hanggang sa mga skolar na naghahanap ng organisidad ng panitikan, na ang lahat ng katanungan hinggil sa akda ay sinisiwalat sa akda. Kung magkagayon, nilalayon ng politika ng apolitikal na manatili ang panitikan sa loob ng sariling nitong domain. Self-contained ang panitikan nito, air-tight kumbaga sa Tupperware nitong kinalalagyan. Politikal ang sa akin o sa amin dahil pinapaputok lang ang bubble na ito, pinatatagos ang pwersa—hindi lamang motif—ng kasaysayan at lipunan sa kapamaraan ng pagkonseptwalisa, pagsulat, pagbasa at pag-aaral ng panitikan. Kung ideolohikal ang politikal, ideolohikal din na posisyon ang apolitikal, ang pagpanig sa tila McDonald's na kapaligiran at serbisyo sa loob at labas ng bansa bilang pag-aninag sa urbanismo at kosmopolitanismo ng nauna pero namamayagpag pa rin na posisyong pampanitikan.

Kaya magsisimula ako sa cursor bilang talinhaga ng pag-akda ng ideolohiya. Ang cursor na pumipintig ay kinokonstityut ang manunulat habang ito ay nagsusulat. Maaring isipin pa nga na ang sinusulat ng manunulat ay fragment o habi ng kanyang sariling posisyonalidad bilang manunulat. Sabayan niyang inaakda niya ang kanyang akda at ang kanyang posisyon bilang tagapag-akda. At sa akto ng pagko-computer, itinatanghal ng indibidwal na manunulat ang pinagdadaanan ng mga nauna't hinahanarap na henerasyon ng manunulat. Inaakda niya ang panunulay ng mga henerasyon, pag-unlad ng disiplina, at ang kanyang sinasabi at nakatagong ideolohikal na posisyon sa panulat. Sa pagkonstityut ng cursor sa manunulat, kinokonstityut ng manunulat ang kanyang akda na kumokonsytityut sa kanya bilang manunulat. Ang pintig ng cursor ang bumubuhay sa manunulat bilang manunulat.

Sa naunang teknolohiya ng typewriter o makinilya na walang kursor, ang bawat titik ay cursor. Hindi ito pumipintig, sabay ang pagtipak sa pagpintig at paghudyat ng pagkabuhay ng manunulat. Matunog ang makinilya, bawat letra ay bumabakat di lamang sa papel, bawat linya ay minamarkahan ng matinis na tinig, bawat paglalaktaw ng espasyo, pagpapalit ng papel ay panunuluyan sa pintig ng pagkamanunulat. Sa naunang teknolohiya, ang manunulat ay kabahagi ng pintig dahil hindi uusad ang operasyon ng manunulat kundi manwal na i-navigate ito ng manunulat. Hindi tulad ng computer, pindot lamang at instantenyo nang isinisilang ang posibilidad ng pagiging manunulat. Ang makinilya ay sinaunang teknolohiya, at tulad ng maraming makinilyang kundi pa nangasira, ay matatagpuan na lamang sa bangko, lumang library at iba pang lokasyong mekanikal: mas mabilis pa rin ito sa pagpapatupad ng repetitibong trabaho ng profesyonalismo. Inihuhudyat nito na mas sinauna pa sa makinilya ang sulat-kamay na teknolohiya ng pagiging manunulat. Pang-museo at arkibo naman ang pinakamatandang teknolohiya ng pagiging manunulat. Mas auratiko ang dating nito dahil mas primordial ang manuskritong nakasulat kaysa sa makinilyado, at higit sa computerized.

Ang manunulat ay parang patay na nakahimlay sa lamay. Ang kanyang akda ay gayon din. Inaalaala na lamang ng mambabasa ang gunita ng kanyang nabasa. In retrospect ito makakapagbigay-reaksyon sa akda at ideolohikal na posisyon ng manunulat. Pinaglalamayan dahil may inaalaala at minememorialisa, may ginugunitang bagay na kasama man ay patay na, nagsisimula nang mabulok gayong nakaembalsamo na. Pinagdiriwang ang okasyon ng pagbasa at pagtanggap sa manunulat at akda bilang angkop sa okasyon. Pinaglalamayan, ibig sabihin, hindi pa

inililibing at hindi na rin buhay. May nostalgia at melancholia, nostalgia sa ideal ng pagiging manunulat at ng dakilang akda nito kahit hindi naman talaga; melancholia na hindi sa mahabang panahon mailibing itong patay. Buhay man ang manunulat ay patay pa rin itong babasahin. Hindi naman katabi ang manunulat sa akto ng pagbasa ng mambabasa; guni-guni na lamang ng mambabasa ang bumubuhay sa patay. Pati ang akda ay binabasa nang ganito, at maging ang ideolohiya ng akda. Retro dahil sa naunang panahon ito inilalapat, at dahil din matapos lamang mabasa mabubuo ang naratibo at ideolohiya ng akda.

Sa huli, kapag tinignan ang cursor, ang makikita sa blangko at tinipak na screen, tulad ng patay o bukas na telebisyon, ay ang imahen ng sarili. Ang manunulat na nagsusulat ay nakikita ang anino, kundi man labi, ng sariling figura. At itong labi ay instrumental kung bakit, ano, paano, kailan, sino at saan nagsusulat. Sa pintig ng cursor, maaninag ang ideolohikal na posisyon ng pagiging manunulat dahil mismong figura ng manunulat, ang sa una't huling okasyon, ang tumipak ng akda ng panitikan at ng pagiging manunulat.